

















MGA ISKEDYUL NG BAKUNA SA COVID-19























Para sa mga taong hindi mahina ang imyunidad

ANG LAHAT AY DAPAT NA KUMUHA NG MGA DOSIS NA ITO				Pampalakas na Dosis		ANG ILANG TAO AY MAAARING KUMUHA NG IKALAWANG PAMBALAKAS NA BAKUNA (BOOSTER) ¹	
Edad	Bakuna	Pangunahing Serye					
5-11	Pfizer ²	 Dosis 1	3 linggo	 Dosis 2	Hindi kasalukuyang Awtorisado		
12-17	Pfizer ²	 Dosis 1	3-8 linggo ³	 Dosis 2	Hindi bababa sa 5 buwan	 Pfizer lamang	
18+	Pfizer	 Dosis 1	3-8 linggo ³	 Dosis 2	Hindi bababa sa 5 buwan	 Anumang bakuna sa COVID-19 ⁴	Hindi bababa sa 4 na buwan Para sa 50+ lamang ¹  Pfizer o Moderna lamang
18+	Moderna	 Dosis 1	4-8 linggo ³	 Dosis 2	Hindi bababa sa 5 buwan	 Anumang bakuna sa COVID-19 ⁴	Hindi bababa sa 4 na buwan Para sa 50+ lamang ¹  Pfizer o Moderna lamang
18+	Johnson & Johnson	 Dosis 1	Hindi bababa sa 5 buwan		 Anumang bakuna sa COVID-19 ⁴	Hindi bababa sa 4 buwan Para sa 50+ at para sa 18+ na may dalawang dosis ng J&J ¹	 Pfizer o Moderna lamang

Kung mayroon kang COVID-19, maghintay hanggang ikaw ay gumaling (kung nagkaroon ka ng mga sintomas) at tapusin ang pagbubukod para makakuha ng anumang mga dosis na bakuna sa COVID-19. Maaari mo ring ikonsidera na ipagpaliban ang iyong (mga) pampalakas na dosis nang 3 buwan kung ikaw ay nahawahan kamakailan.

- Kung ikaw ay edad 50 pataas O edad 18-49 at tinanggap mo ang bakunang J&J para sa PAREHO mong ika-1 dosis at pampalakas na bakuna (booster), maaari mong piliin ang ika-2 pampalakas na dosis. Tingnan ang [Pag-iisip Tungkol sa Pagkuha ng Ika-2 Pampalakas na Dosis](#).
- Ang bakunang Pfizer ay ang tanging bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa mga taong wala pang edad 18. Ang bakunang Pfizer para sa mga bata edad 5-11 ay may parehong mga aktibong sangkap tulad ng bakuna sa matanda ngunit sa mas kakaunting dosis (1/3 ng dosis).
- Ang oras ng ika-2 dosis. Ang ika-8 linggo ay malamang na pinakamahasulay para sa karamihan ng mga taong edad 12-64. Ang ika-3 linggo ay inirerekomenda para sa mga edad 65 pataas o sa mga taong nangangailangan ng mabilisang proteksyon. Tingnan ang [oras ng ika-2 dosis ng Pfizer o Moderna](#).
- Ang Pfizer at Moderna ay mas pinipili kaysa J&J para sa lahat ng dosis. Iniaalok ang J&J sa [ilang sitwasyon](#).

MGA ISKEDYUL NG BAKUNA SA COVID-19 Para sa mga taong mahina ang imyunidad¹

ANG LAHAT AY DAPAT NA KUMUHA NG MGA DOSIS NA ITO				Pampalakas na Dosis		ANG ILANG TAO AY MAAARING KUMUHA NG IKALAWANG PAMPALAKAS NA BAKUNA (BOOSTER) ²			
Edad	Bakuna	Pangunahing Serye							
5-11	Pfizer	 Dosis 1	3 linggo →	 Dosis 2	Hindi bababa sa 4 na linggo	 Dosis 3	Hindi kasalukuyang awtorisado		
12-17	Pfizer	 Dosis 1	3 linggo →	 Dosis 2	Hindi bababa sa 4 na linggo	 Dosis 3	Hindi bababa sa 3 buwan	 Pfizer lamang	 Pfizer lamang
18+	Pfizer	 Dosis 1	3 linggo →	 Dosis 2	Hindi bababa sa 4 na linggo	 Dosis 3	Hindi bababa sa 3 buwan	 Anumang bakuna sa COVID-19 ³	 Hindi bababa sa 4 na buwan Pfizer o Moderna lamang
18+	Moderna	 Dosis 1	4 na linggo →	 Dosis 2	Hindi bababa sa 4 na linggo	 Dosis 3	Hindi bababa sa 3 linggo	 Anumang bakuna sa COVID-19 ³	 Hindi bababa sa 4 na buwan Pfizer o Moderna lamang
18+	Johnson & Johnson	 Dosis 1	Hindi bababa sa 4 na linggo	 Dose 2			Hindi bababa sa 2 buwan	 Anumang bakuna sa COVID-19 ³	 Hindi bababa sa 4 na buwan Pfizer o Moderna lamang










Kung mayroon kang COVID-19, maghintay hanggang ikaw ay gumaling (kung nagkaroon ka ng mga sintomas) at natapos ang pagbubukod para kumuha ng alinang mga dosis ng bakuna sa COVID-19.

- Ang mga taong edad 5 taon pataas na may [banayad o malubhang huminang mga sistema ng imyunidad](#) (hal., mga kanser na may kinalaman sa dugo o ilang paggamot para sa kanser, paglipat ng bahagi ng katawan (organ transplants), at ilang autoimmune na kondisyon) ay dapat na kumuha ng karagdagang pangunahing dosis. Kung 12+, dapat silang kumuha ng (mga) pampalakas na dosis.
- Ang mga taong edad 12 pataas ay may opsyon na kumuha ng ika-2 pampalakas na dosis. Dapat nilang ikonsidera ang pagkuha sa dosis na ito sa lalong madaling panahon at makipag-usap sa kanilang doktor tungkol sa pinakamandang oras batay sa kanilang mga panganib at plano ng paggamot. Tingnan ang [Pag-iisip Tungkol sa Pagkuha ng Ika-2 Pampalakas na Dosis.](#)
- Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay mas pinipili kaysa sa bakunang J&J para sa lahat ng dosis. Iniaalok ang J&J sa [ilang sitwasyon.](#)

MGA ISKEDYUL NG BAKUNA SA COVID-19

(Mga) pampalakas na bakuna/karagdagang dosis para sa mga taong ganap ng nabakunahan^{1,2} gamit ang serye ng bakuna sa labas ng Amerika (US), sa isang klinikal na pagsubok, o pinaghalo at pinagtugma

Ang mga taong itinuring na ganap nang nabakunahan gamit ang pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19 na aprubado/awtorisado ng hindi FDA ay dapat na sundin ang mga iskedyul sa ibaba para sa pampalakas na bakuna at/o karagdagang mga dosis ng bakuna sa COVID-19.

Edad	Bakuna	ANG LAHAT AY DAPAT NA KUMUHA NG MGA DOSIS NA ITO Pangunahing Serye			Pampalakas na Dosis	ANG ILANG TAO AY MAAARING KUMUHA NG IKALAWANG DOSIS ³	
12+	Bakunang awtorisado /aprubado ng hindi FDA	 Dosis 1	Inirekomendang pagitan	 Dosis 2	Hindi bababa sa 5 buwan	 Dosis 3 Pfizer o Moderna ⁴ (12-17, Pfizer lamang)	Hindi bababa sa 4 na buwan  Dosis 4 Pfizer o Moderna ⁴ Para sa 50+lamang ³
12+ na may mahinang sistema ng imyunidad	Bakunang awtorisado /aprubado ng hindi FDA	 Dosis 1	Inirekomendang pagitan	 Dosis 2	Hindi bababa sa 4 na linggo  Dosis 3 Pfizer or Moderna ⁴ (12-17, Pfizer only)	Hindi bababa sa 3 buwan  Dosis 4 Pfizer o Moderna ⁴ (12-17, Pfizer lamang)	Hindi bababa sa 4 na buwan  Dosis 5 Pfizer o Moderna ^{3,4} (12-17, Pfizer lamang)

Tandaan: kung nahawahan ka kamakailan ng COVID-19, maaari mong ikonsidera na ipagpaliban ang iyong (mga) pampalakas na dosis nang 3 buwan.

- Ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan dalawang linggo pagkatapos na tanggapin:
 - Ang huling dosis ng serye ng bakuna na [nakalista para sa emerhensyang paggamit](#) ng World Health Organization (WHO). Sa kasalukuyan, kinabibilangan ito ng AstraZeneca-Oxford (Vaxzevria), Serum Institute ng India Pvt. Ltd (Covishield at Covovax), BIBP (Sinopharm), Sinovac (CoronaVac), Bharat Biotech International (Covaxin), at Novavax (Nuvaxovid). Tingnan ang kasalukuyang [listahan ng COVID-19 WHO EUL](#).
 - Ang huling dosis ng isang “pinaghalo at pinagtugma” na kombinasyon ng mga bakuna na aprubado/awtorisado ng FDA at/o nakalista sa WHO (kung ang unang 2 dosis lamang ay hindi bababa sa 17 araw ang pagitan).
 - Lahat ng rekomendadong “aktibong” mga bakuna sa COVID-19 (hindi plasebo) sa isang klinikal na pagsubok sa bakuna. Tandaan: Ang bakuna ay dapat na alinman sa bakuna na nakalista sa WHO na hindi aprubado/awtorisado ng FDA o bakuna na independiyenteng [kumpirmado ang kahusayan](#) ng datos ng Amerika (U.S. data) at lupon ng pagsusubaybay sa datos (data) at kaligtasan o katumbas nito.
- Kung hindi mo natutugunan ang pamantayan para sa ganap na nabakunahan, tingnan ang mga bakuna ng CDC sa labas ng Amerika (US)/klinikal na pagsubok [Mga Appendix A at B](#).
- Maaari mong piliin na kumuha ng ika-2 dosis ng pampalakas na bakuna (mga bakunang Pfizer o Moderna lamang) kung ikaw ay edad 50 pataas o kung ikaw ay may [banayad o malubhang huminang imyunidad](#) (mahinang sistema ng imyunidad). Kung ikaw ay edad 12-17, maaari mo lamang tanggapin ang bakunang Pfizer. Tingnan ang [Pag-iisip Tungkol sa Pagkuha ng Ika-2 Pampalakas na Dosis](#).
- Ang mga bakuna sa COVID-19 na Pfizer at Moderna ay ang tanging mga bakuna na awtorisado bilang karagdagang dosis o pampalakas na bakuna para sa mga taong hindi tumanggap ng pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19 na awtorisado/aprubado ng FDA. Ang mga bata edad 12-17 ay maaari lamang tumanggap ng bakunang Pfizer.

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang seksyon ng [Kapag Ako ay Napapanahon sa Aking mga Bakuna sa COVID-19](#) na nasa webpage na Sa Oras na Ikaw ay Nabakunahan para mas matuto pa.

